Ang naturalesa [ng kalinisan] ay lima: ang pagpapatuli, ang pag-aahit sa ari, ang pagputol ng bigote, ang paggupit ng mga kuko, at ang pagbunot [ng buhok] sa kilikili."}

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Nakarinig ako sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: "Ang naturalesa [ng kalinisan] ay lima: ang pagpapatuli, ang pag-aahit sa ari, ang pagputol ng bigote, ang paggupit ng mga kuko, at ang pagbunot [ng buhok] sa kilikili."}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Naglinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng limang kakanyahan ng Relihiyong Islām at mga sunnah ng mga isinugo. A. Ang Pagpapatuli. Ito ay ang pagputol ng balat na lumalabis sa ari ng lalaki lampas sa glans (ulo ng ari ng lalaki) at ang pagputol ng dulo ng clitoris sa ari ng babae lampas sa labia majora. B. Ang Pag-aahit sa Ari. Ito ay ang pag-aahit sa buhok (pubic) na nasa paligid ng ari. C. Ang Pagputol ng Bigote. Ito ay ng anumang umabot sa pang-itaas na bibig ng lalaki upang lumantad ang bibig. D. Ang Paggupit ng mga Kuko. E. Ang Pagbunot ng Buhok sa Kilikili.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/3144